LONGBEACH COMMUNITY DEVELOPMENT

ABISO SA PUBLIKO

ABISO TUNGKOL SA PAGLALABAS NG PAMPUBLIKONG DOKUMENTO

Ang 15 araw na panahon ng pagkokomento ng publiko para sa pagsusuri sa Draft na Consolidated Annual Performance and Evaluation Report (CAPER, Nilikom na Taunang Ulat sa Pagganap at Ebalwasyon) sa 2023-2024 ng City of Long Beach tungkol sa mga aktibidad at programang pinondohan ng Community Development Block Grant (CDBG, Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Pagpapaunlad sa Komunidad), HOME Investment Partnerships Program (HOME, Programa ng Pakikipagtulungan para sa Pamumuhunan sa Tahanan) at Emergency Solutions Grant (ESG, Perang Gawad para sa mga Solusyong Pang-emergency) ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD, Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod ng U.S.), ay gaganapin sa Disyembre 4, 2024 hanggang sa Disyembre 19, 2024. Tinatasa ng CAPER ang progreso ng Lungsod at ang bisa ng pagganap nito sa taon ng pananalapi (FY) na 2023-2024 sa pagkamit sa mga pangkalahatang estratehiya, layunin, at priyoridad nito na nakabalangkas sa FY 2023-2027 Consolidated Plan. Isusumite ng Lungsod ang ulat na ito sa HUD bago sumapit ang Disyembre 30, 2024.

Puwedeng i-download ang draft na ulat mula sa seksiyong “Stay Informed: Latest News” (Manatiling May Alam: Pinakabagong Balita) ng homepage ng website ng Long Beach Community Development Department (Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad ng Long Beach) sa longbeach.gov/lbcd, nang personal sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802, o sa pakikipag-ugnayan kay Elizabeth Weithers sa pamamagitan ng pag-email sa Elizabeth.Weithers@longbeach.gov o pagtawag sa telepono sa (562) 570-6912.

Ang mga residenteng nagnanais na magbigay ng mga nakasulat na komento ay pinauunlakan hanggang sa Disyembre 19, 2024. Naka-address dapat ang mga komento kay Elizabeth Weithers Community Development Department, 411 West Ocean Boulevard, Third Floor, Long Beach, California 90802. Email: Elizabeth.Weithers@longbeach.gov.

Hangad ng City of Long Beach na makapagbigay ng makatwirang akomodasyon alinsunod sa Americans with Disability Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng 1990. Kung kailangan ng espesyal na akomodasyon, o upang humiling ng materyales na isinaling-wika, pakitawagan si Elizabeth Weithers sa (562) 570-6912 nang hindi iikli sa 48 oras bago magwakas ang panahon ng pagkokomento ng publiko. Para sa mga taong may mga kapansanan sa pagdinig o pananalita, tumawag sa 711 upang maikonekta sa isang Telecommunications Relay Service.